HALAW SA MGA SINASABI NILA

TUNGKOL SA IBANG MGA AKDA NI JOSE P. SANTOS

"Ikaw ang kaunaunahan sa mga kabinataan ngayon na natutong bumago ng landas. Hindi ko pinagtatakhan ang ganito pagka't sa mga ugat mo ay tumatakbo ang dugong nangggaling sa iyong ama na kinilalang luwalhati ng panitikan sa Pilipinas at siyang pinakamatalinong kritiko at manunulat na nagkaroon tayo. Hindi malayong maging isa ka sa inaasahan ni Rizal na magiging maningning na pag-asa ng ating bayan." (Sa kuru-kuro niya sa KASAYSAYAN NG LALAWIGANG RIZAL).

DR. TRINIDAD H. PARDO DE TAVERA

"Pinupuri ko nga nang lubos ang paglalathala mo sa wikang tagalog ng buhay na pinagdaanan ni Plaridel, yayamang siya'y hindi lamang isang gurong di matutularan sa wikang tagalog kundi sapagka't ang kanyang mga lathalang politiko na sinulat sa tagalog, ay siyang, ayon kay Rizal, gumising sa damdaming pambansa ng mga pilipino." (Sa kanyang Paunang Salita sa BUHAY AT MGA SINULAT NI PLARIDEL).

MANUEL L. QUEZON

"Isa pang ikauunlad ng pagyaman ng panitikang sarili ang paglalathala ng aklat na ito, isang akdang pinagsikapan, sinadya at linikha ng sariwang talino ng isang batang manunulat. Ang aklat na ito ay isang mahalagang abuloy na dapat pagaralan tungkol sa mga panahong yaon ng ating kasaysayan." (Sa Paunang Salita sa BUHAY AT MGA SINULAT NI EMILIO JACINTO).

RAFAEL PALMA

"Mapalad ang ating mga mangbabasa dahil na ang anak ng magiting na manunulat na si G. Epifanio de los Santos ay nagsusumikap na sumunod sa mga landasin ng kanyang ama. Dahil dito'y ang mga may kakayahan gaya ni G. J. P. Santos ay lubhang malaki ang nalipaglilingkod sa bayan dahil sa pagsisikap niyang maihayag ang mga gawain ng mga tauhan ng ating Himagsikan." (Sa Paunang Salita sa SINO SI HEN. GREGORIO H. DEL PILAR?).

EMILIO AGUINALDO

"Ito'y nagpapakilala ng isang matiyagang pag-aaral na bibihira lamang, sa kasawiang palad natin, ang nakagagawa. Kalugod-lugod ang kanyang paghahanay na ginamit at di nakiparis sa iba na pinasasaganang totoo sa kanilang sariling palagay na lipos ng kapangahasan, kamaniwan nang maging tiwali at kadalasan pa'y di mapaniwalaan. Di dapat pagtakhan na si G. José P. Santos ay magtaglay ng ganitong katangian palibhasa'y anak siya ng matiyaga at pantas na si Don Epifanio na siyang pinagkakautangan natin ng maraming mahahalagang gawain sa pagsuri at pagaaral ng mga kasaysayan." (Sa Paunang Salita sa ANG MGA MAGITING NG ATING KAHAPON).

TEODORO M. KALAW

"Sa akdang ANG SIGALOT NI BONIFACIO AT NI AGUINALDO ni G. Pepe Santos ay wala akong sukat na tawarin. Makaitlong mabanayad na tinunghayan ko, sa makatuwid bagay ginawa ko

ang buong kahigpitan sa pagsisiyasat, gaya nĝ isinasagawa nĝ isang piskal na pusakál sa pag-usig, datapwa't wala akong nasaling na laban sa katotohanan ni ano pa mang makasundot sa katarungan nĝ may akda."

ARTEMIO RICARTE VIBORA

"Sa gulang mong taglay, aliw at ligaya ang sa ibang hanap
na susunod-sunod sa lipad nĝ puso sa pagkapahamak,
samantalang ikaw, halos durugin mo ang sariling utak
maisagawa lang ang diwang mana mo't ang sariling sikap".

CECILIO APOSTOL

"Ang katutubo mong sipag at tiyaga, talinong pinitpit sa palihan nĝ ama mong paham at ang kabataa'y tatlong biyayang iyong tinataglay. Dahil dito'y umaasa akong ang akda mong BUHAY AT MGA SINULAT NI PLARIDEL ay hudyát lamang sa lalong binantayog mo pang susulatin pagdating nĝ araw."

GUILLERMO E. TOLENTINO, eskultor

"Si G. José P. Santos ay isang hinog na manunulat. Higit sa lahát si G. Santos ay karapatdapat nĝang sumulat nĝ buhay nĝ ating mga bayani dahil sa angkin niyang katalinuhang hindi pangkaraniwan sa sanĝay na iyan."

JOSÉ P. MELENCIO

"Malaon nang inasáasahan kong darating ang araw na kami'y hahandugan mo nĝ ganiyang babasahin. Oo't tunay nĝang para sa iyong gulang ay maaga pa ang pagpapalabas nĝ isang hinog na bunga nĝ isip; nguni't bukod sa iyong di pangkaraniwang talino ay may sadyang mana ka sa iyong mga magulang. Ako'y isa sa mga tagahanĝa nĝ iyong ama at harinanĝang maging tagahanĝa pa rin nĝ kanyang anak. *Ang santol ay hindi nagbubunĝa nĝ mabulo.*"

IÑIGO ED. REGALADO

"Ang batang-batang manunulat na si G. José P. Santos ay nagpapamalas na nĝ angking katanĝian. Sa halip na tuntunin ang landas na tinatalunton nĝ karamihán sa mga manunulat na pagyamanin ang mga kuwento at nobela ay napili niyang bungkalin ang mayamang sanĝa nĝ kasaysayan."

DR. APOLINARIO G. DE LOS SANTOS

"Pagkatapos na mabasa ang aklat na itong pinamagatang KASAYSAYAN NG LALAWIGANG RIZAL, matapos na libutin nĝ aking matang humahanĝa ang mga dahong puspos nĝ mahahalaga't hindi bunyag na tala nĝ mga pangyayaring linĝid sa kaalaman nĝ maraming taga Rizal na rin, ay para ko nang namalas ang mga pagtitiyagang pinuhunan nĝ may akda upang ang kasaysayang ito'y maging hinog na bunĝang, sa isang nanamnam ay walang idudulot kundi ang ganáp na kasiyahang loob. Isang palaisip nĝa lamang, isang masikhay at matiyagang mananalaysay, isang sanay at dalubhasang panulat, isang may matibay na panatang gumawa at tumulong sa ikatatanghal nĝ sariling atin, ang makakakatha nĝ gaya nĝ kinatha ni G. José P. Santos."

LEONARDO A. DIANZON
Naging Direktor nĝ *Ang Watawat* at
Pagkakaisa